REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 91-182

KAPASIYAHAN NA NAGLALAAN NG KARAGDAGANG LAANG-GUGULIN NA HALAGANG ANIM NA MILYONG PISO (₱6,000,000.00) ANG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA BILANG KATAPAT NA HALAGA SA IPAGKAKALOOB NG KAGAWARAN NG INTERYOR AT PAMAHALAANG LOKAL NA ANIM NA MILYONG PISO (₱6,000,000.00) RIN NA MAGMUMULA SA PONDONG NAKALAAN PARA SA LOCAL GOVERNMENTS DECENTRALIZATION PROGAM UPANG MATUSTUSAN ANG PROYEKTONG PAGPAPALAWAK NG TULAY NA NAG-UUGNAY SA BARANGAY ALABANG AT CUPANG.

---

SAPAGKAT, ang pagpapalawak ng tulay na nag-uugnay sa Barangay Alabang at Cupang ay magdudulot ng mabilis na daloy ng trapiko para sa kaginhawahan ng mga motorista't mangangalakal;

SAPAGKAT, ang lumang tulay ng Alabang-Cupang ay nangangailangan na ng pagkukumpuni't pagsasaayos para sa kaligtasan at kaginhawahan ng mga bumabaybay dito;

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay may sapat na pondong pagkukunan na magmumula sa underestimated revenue na maaaring kitain para sa taong 1991;

SAPAGKAT, ang pagkakaloob ng Anim na Milyong Piso (₱6,000,000.00) na magmumula sa Local Governments Decentralization Program ng kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal ay mabibigyan ng katuparan kung may katapat na halaga ang pamahalaang bayan upang matiyak na ang pagpapalawak ng tulay ng Alabang-Cupang ay matutustusan at matatapos.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan na maglaan ng karagdagang laang-gugulin na halagang Anim na Milyong Piso (₱6,000,000.00) ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa bilang katapat na halaga sa ipagkakaloob ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal na Anim na Milyong Piso (₱6,000,000.00) rin na magmumula sa pondong nakalaan para sa local governments decentralization program upang matustusan ang proyektong pagpapalawak ng tulay na nag-uugnay sa barangay Alabang at Cupang.

PINAGTIBAY ng mga Kagawad ng Sangguniang Bayan sa kanilang pang 148 regular na pulong ngayong Marso 25, 1991 sa sala ng Pambayang Hukuman ng Pag-uusig.

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

Mggl. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

Kgg. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

Kgg. REY E. BULAY
Konsehal

Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

Kgg. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

Kgg. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

Kgg. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

Kgg. ROGER C. SMITH
Konsehal

Kgg. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

Kgg. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts